**ARALIN 4.2 Nasusuri ang mga pagbabagong pampulitika at ekonomiya na ipinatupad ng kolonyal na pamahalaan**

Takdang Araw: 3 araw

**Layunin**

1. Napaghahambing ang sistema ng kalakalan ng mga sinaunang Pilipino at sa panahon ng kolonyalismo
2. Nakabubuo ng konsepto ukol sa sistema ng kalakalan ng mga sinaunang Pilipino

**Paksang Aralin**

Paksa: Sistema ng Kalakalan ng mga Sinaunang Pilipino at sa Panahon ng Kolonyalismo

Kagamitan: powerpoint presentation, video clip, chart

Sanggunian: K to 12 – AP5KPK-IIId-e-4
Pilipinas Kong Hirang, Eleonor D. Antonio, et.al., ph. 92,99
Makabayan: Kasaysayang Pilipino 5, Alvenia P. Palu-ay ph. 46
https://tl.wikipedia.org/wiki/Palitan_ng_paninda


**Pamamaraan**

**A. Panimula**

1. Magpapakita ng larawan ang guro. Ipahula sa pangkat o klase ang isinasaad sa larawan. Bigyan ng kredit ang naunang nakahula.









2. Itanong:
   - Madali bang hulaan ang mga ipinakikitang larawan?
   - Saan kaya madalas makikita ang gawain sa ipinakitang larawan?
   - Sa palagay ninyo, ano kaya ang nagaganap sa larawang ipinakita?
3. Isulat sa pisara ang mga sagot ng mga bata.
4. Iugnay ang mga ito sa aralin.

**B. Paglinang**

1. Ilahad ang aralin gamit ang mga susing tanong sa Alamin Mo, LM, pahina ___
2. Magdaos ng brainstorming kaugnay ng mga tanong. Tanggapin lahat ang sagot ng mag-aaral.
3. Ipabasa ang Alamin Mo sa LM, p. ___
4. Talakayin ang paksa.
5. Ipagawa ang mga Gawain A-C.
   - Ipatukoy ang mga konseptong napapaloob sa Gawain A.
   - Talakayin ang sagot ng mga bata.
   - Ipagawa ang Gawain B, p. _____. Ipasulat ang sagot sa notbuk.
   - Ipangkat ang klase at ipagawa ang Gawain C.
6. Bigyang-diin ang mga kaisipan sa Tandaan Mo sa LM, p_____

**Pagtataya**

Ipagawa ang Natutuhan Ko, ph. _______ ng LM.

**Takdang Aralin**

Gumawa ng poster na nagpapakita ng naging paraan ng pakikipagkalakalan ng mga sinaunang Pilipino

**Susi sa Pagwawasto**

**Gawain A**

1-4 sistemang barter, pakikipagkalakalan sa mga karatig lugar, kalakalang galyon, lalong naghirap ang mga Pilipino

**Gawain B**

1. A
2. A
3. A
4. A
5. C

**Gawain C**

Epekto ng barter – nakipagkalakalan ang mga Pilipino ng walang gamit na salapi, nalinang ang kanilang katapatan, naging matibay ang pakikipag-ugnayan sa kiaratig lugar, nakagamit ng iba't- ibang produkto mula sa ibang tribo.

Epekto ng kalakalang galyon- lumawak ang kultura ng mga Pilipino dahil sa pagpasok ng mga dayuhan, nakarating ang mga produkto sa iba't-ibang bansa, nakagamit ang mga Pilipino ng mga kagamitan hatid ng mga dayuhan, naging bukas ang bansa sa iba pang mananakop.

**Pagtataya**

1. Tama
2. Tama
3. Mali
4. Tama
5. Tama